



Aplikasyon para sa Programa na Pagtulong sa Komunidad (Community Assistance Program Application)

PARA MGA RESIDENSIYAL AT PANG-ISAHANG PAMILYA NA KOSTUMER

Tumutulong ang Aplikasyon para sa Programa na Pagtulong sa Komunidad (Community Assistance Program Application) ng SFPUC sa mga kostumer na single-family (gusali na para sa iisang pamilya) at residensiyal, upang makabayad sa mga singil sa kanila para sa tubig at imburnal. Tumatanggap ang mga kuwalipikadong kostumer ng diskuwentong 15% sa singil sa serbisyo sa tubig at 35% sa singil sa serbisyo sa imburnal.

SEKSIYON A: MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGIGING KUWALIPIKADO (ITINATAKDA)

Para **makapag-aplay** sa CAP, kailangang matugunan ninyo ang sumusunod na mga pamantayan:

- Nasa pangalan ninyo ang singil para sa tubig at imburnal.
- Full-time o buong panahon kayong residente sa address kung saan makukuha ang diskuwento.
- lisa lamang ang account ninyo para sa serbisyo sa tubig sa SFPUC.
- Hindi kayo na-claim na dependent (umaasa sa iba) sa pagbabayad ng buwis (tax return) ng ibang tao.
- Hindi lumalampas ang kabuuang pinagsamang kita ng inyong kabahayan bago mabawas ang buwis (gross) sa mga gabay sa kita na ipinapakita sa table o talahanayan na nasa kanan.

Binibigyang -depinisyon ang **kabuuang kita ng kabahayan** bilang pinagsamang nabubuwis at hindi nabubuwisang kita ng **LAHAT** ng taong nakatira sa address na binibigyan ng serbisyo ng account sa SFPUC, kasama na ang:

- Mga sahod o suweldo
- Pensiyon
- Kitang hindi pa nabubuwis mula sa pagtatabaho para sa sarili o self-employment (IRS Form 1040 Schedule C)
- Suporta para sa anak o asawa
- Bayad-pinsala para sa manggagawa (Worker's compensation):
- Mga benepisyo para sa pagkawala ng trabaho (unemployment)
- Mga bayad para sa kapansanan (disability) o SSDI
- Social Security (Panlipunang Seguridad):
- SSI/SSP
- Kita mula sa upa o royalty
- Mga bayad na nakuha mula sa seguro o legal na kasunduan
- Interes o dibidendo mula sa savings accounts, stocks, bonds, o accounts sa pagreretiro
- Mga Pinagbilhan-presyo ng pagbebenta (IRS Form 1040 Schedule D)
- Cash na kita o mga regalo
- Iskolarship at grant (tulong pinansiyal)

MGA GABAY UKOL SA KITA NG PROGRAMANG CAP *May Bisa Hulyo 1, 2021*

Bilang ng Tao sa Kabahayan	Kabuuang Pinagsamang Taunang Kita Bago Mabawasan ng Buwis (Gross)
1 o 2	\$34,840
3	\$43,920
4	\$53,000
5	\$62,080
Para sa bawat karagdagang tao, magdagdag ng	\$9,080

BATAYANG IMPORMASYON

Numero ng Account ng Kostumer ng SFPUC

Pangalan (*Ayon sa ipinapakita sa singil sa inyo para sa tubig at imburnal*)

Address ng Tahanan

Telepono sa Tahanan

Email Address

SEKSIYON B: MGA DOKUMENTO PARA SA PAGPAPATUNAY NG KITA (KINAKAILANGAN):

Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na opsiyon:

- OPSIYON 1: KASALUKUYAN AKONG TUMATANGGAP NG BENEPISYO NA CALWORKS, CALFRESH, O MEDI-CAL MULA SA MGA AHENSIYA PARA SA MGA SERBISYONG PANTAO (HUMAN SERVICES AGENCY. HSA) NG SAN FRANCISCO, AT BINIBIGYAN KO NG PERMISO ANG HSA NA IBAHAGI ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA AKING KITA.

Para sa bawat miyembro ng inyong kabahayan, kailangang sagutan ang mga sumusunod sa **pahina 3**:

- Buong pangalan ng miyembro ng kabahayan
- Lagda (para sa mga menor de edad, puwedeng pumirma ang magulang/tagapatnubay)
- Petsa ng Kapanganakan
- Huling apat na numero ng Social Security Number

Kung walang makuhang anuman sa impormasyon na nasa itaas para sa sinumang (mga) miyembro ng kabahayan, gamitin ang Opsiyon 2 o 3 ayon sa nakalista sa ibaba upang matiyak ang kanilang kita at paninirahan.

Sa pamamagitan ng pagpili sa Opsiyon 1, binibigyan ko ng permiso ang HSA na ibahagi ang limitadong impormasyon tungkol sa kita sa SFPUC para sa bawat miyembro ng aking kabahayan. Ibahagi lamang ang aking impormasyon ayon sa pangangailangan upang mapagdesisyunan kung kuwalipikado ako sa Programa na Pagtulong sa Komunidad (Community Assistance Program) ng SFPUC. Naiintindihan kong ang puwede lamang ipakita ng database (imbakan ng datos) na ito ay ang aking pangalan, ang aking address, at kung nakapaloob ang kita ng aking kabahayan sa ilang porsiyento ng mga pederal na gabay ukol sa kahirapan (federal poverty guidelines) batay sa impormasyon na dati ko nang naibigay sa HSA. Mawawalan ng bisa ang paglalabas ng impormasyong ito isang taon mula sa petsa ng pagpirma ko sa pahina 2, maliban na lamang kung nakasulat kong kakanselahin ito bago ang panahong iyon.

- OPSIYON 2: MAGSUSUMITE AKO NG PIRMADONG KOPYA NG PINAKABAGONG (MGA) FEDERAL TAX RETURN (PEDERAL NA ULAT UKOL SA PAGBABAYAD NG BUWIS) PARA SA LAHAT NG KUMIKITANG MIYEMBRO NG AKING KABAHAYAN.

Isulat ang pangalan ng bawat miyembro ng kabahayan sa **pahina 3**. Wala kayong kailangang sagutan na iba pang espasyo.

Pakisumite ang lahat ng pahina ng Tax Return. Kailangang ilista ang lahat ng miyembro ng kabahayang walang kita bilang dependent (umaasa sa iba) sa Federal Tax Return ng iba pang miyembro ng kabahayan; kung hindi nakalista; magsumite ng kinakailangang mga dokumento na nakatukoy sa Opsiyon 3.

- OPSIYON 3: MAGSUSUMITE AKO NG DOKUMENTASYON UKOL SA KITA AT PATUNAY NG PANINIRAHAN (PROOF OF OCCUPANCY) PARA SA BAWAT MIYEMBRO NG AKING KABAHAYAN DAHIL HINDI KO MAKUHA ANG AKING FEDERAL TAX RETURN.

Para sa bawat miyembro ng inyong kabahayan, kailangang sagutan ang mga sumusunod sa **pahina 3**:

- Buong pangalan ng miyembro ng kabahayan
- Taunang kita bago mabawasan ng buwis (gross) mula sa lahat ng pinagkukunan
- Ilista ang mga isinumiteng dokumentasyon ng kita
- Ilista ang ang mga isinumiteng dokumentasyon ng paninirahan

Posibleng kasama sa Dokumentasyon ukol sa Kita ang:

- 2 magkakasanod na paycheck stub (papel na naglilisa ng kinita)
- 2 magkakasanod na kopya ng tseke mula sa Social Security
- 2 magkakasanod na kopya ng SSI na tseke
- Mga form na W-2
- Liham ng Pagpapatunay (Verification Letter) ng Benepisyo mula sa Social Security
- Pahayag ukol sa mga benepisyo para sa pagkawala ng trabaho (unemployment)

Posibleng kasama sa Patunay ng Paninirahan (Proof of Occupancy) ang:

- Paulit-ulit na pagsingil
- Pahayag o statement mula sa bangko
- Sulat kung saan kasama ang pangalan ng miyembro ng kabahayan at address ng serbisyo ng singil para sa tubig (halimbawa, liham mula sa paaralan)

Ilista kung aling mga dokumento ang isinusumite ninyo para sa bawat miyembro ng kabahayaan sa Seksiyon C.

SEKSIYON C: IMPORMASYON TUNGKOL SA MIYEMBRO NG KABAHAHAN

Kabuuang Bilang ng Taong Nakatira sa Aking Kabahayan: _____

Pakikompleto ang lahat ng kinakailangang sagutan na kolum para sa bawat miyembro ng inyong kabahayan. Kung kailangan ninyo ng dagdag na linya o mas maraming espasyo, mangyaring maglakip ng hiwalay na papel.

Kinakailangan para sa Lahat ng Aplikante	Para sa mga Aplikasyon, piliin ang OPSIYON 1 (Halimbawa, Kasalukuyang Tumatanggap ng mga Benepisyo para sa SFHSA)			Kinakailangan LAMANG para sa mga Aplikanteng Gumagamit ng OPSIYON 3 (Kung baga, <u>Hindi</u> Nagsusumite ng Federal Tax Return)		
	<u>Lagda ng Mga Miyembro ng Kabahayan</u> Kailangang pumirma ang mga Magulang/Legal na Tagapatnubay para sa sinumang menor de edad (may edad na mababa sa 18)	Petsa ng Kapanganakan	Huling 4 Numero ng Social Security Number	Taunang Kita mula sa Lahat ng Pinagkukunan	Ilista ang mga Isinumiteng Dokumentasyon ng Kita	Ilista ang ang mga Isinumiteng Dokumentasyon ng Paninirahan
Jane Doe	Jane Doe	10/3/1982	6789	\$3,500	1) 2 magkakasunod na paystub (rekord ng kita), 2) form na W-2	Singil ng credit card na ipinadala sa aking address (nakalakip)
John Doe	John Doe	4/16/2013	7391	\$0	N/A o Hindi Naaangkop	Liham ng paaralan na ipinadala sa aking address (nakalakip)

SEKSIYON D: DEKLARASYON AT HULING MGA HAKBANG (KINAKAILANGAN)

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, pinatutunayan kong 1) Natutugunan ko ang lahat ng pamantayan sa pagiging kuwalipikado na nakalista sa ilalim ng Seksiyon A, 2) na totoo at tama ang impormasyong ibinigay ko sa apikasyong ito, at 3) na nagkaloob ako ng hinihiling na pagpapatunay sa kita at/o paninirahan, ayon sa kinakailangan, para sa lahat ng taong nakatira sa address na binibigyan ng serbisyo ng aking account sa SFPUC. Pumapayag akong abisuhan agad ang SFPUC tungkol sa anumang pagbabago sa aking kabahayan na maaapektuhan ang pagiging kuwalipikado para sa diskuwento. Kapag nabigo akong ibigay ang hinihiling na impormasyon o kapag tumanggap ako ng diskuwento samantalang hindi naman kuwalipikado ang akign kabahayan, tatanggalin ako mula sa programa at posibleng magkaroon ng pananagutan para sa pagsasauli ng diskuwento magmula sa panahon na natanggap ang diskuwento. Naiintindihan ko na pagkatapos ng pagpapa-enroll, posibleng mapili ang aking account para sa ala-suwerteng pagrerepaso, at sumasang-ayon akong magbigay ng anumang hihilingin na impormasyon.

X _____
Lagda ng Kostumer I-tsek kung tagapatnubay o may kapangyarihan bilang abugado (power of attorney)

Petsa _____

Ipadala sa koreo o idaan ang nakompleto nang aplikasyon sa:
 San Francisco Water, Power, and Sewer
 Customer Services, Attention: CAP Program
 525 Golden Gate Avenue, 2nd Floor, San Francisco, CA 94102